Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG DISYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-7:50 NG GABI.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 283-T'2001

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 132-T'2001 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 05-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA ITINUTUGMA ANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T ISANG LIBO APAT NA RAAN LABINDALAWANG PISO (P41,412.00) MULA SA PONDO SA INSURANCE NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA BARANGAY TANOD UPANG IDAGDAG BILANG EXTRA CHRISTMAS BONUS NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID.*

*SAPAGKA'T*, ang pagdaragdag ng halagang P41,412.00 mula sa pondo sa Insurance ng Sang. Barangay at ng mga Brgy. Tanod ay isinagawa ng Sang. Barangay ng Gatid sa layuning ipagkaloob ang Extra Christmas Bonus sa mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng Gatid;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang bayan, lakip ang mga tagubiling nais na ipahatid sa ikaaayos ng badyet ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Gatid.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 132-T'2001 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 05-T'2001 ng Sang. Brgy. ng Gatid na itinutugma ang guguling nagkakahalaga ng P41,412.00 mula sa pondo sa Insurance ng Sangguniang Barangay at mga Barangay Tanod upang idagdag bilang extra Christmas Bonus ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng Gatid.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

1/15/02